Annanga made his way back to the towering tree, determination etched on his face as he prepared to cut it down once again. Yet, as he approached, he paused, captivated by a shimmering reed that caught his eye. This was no ordinary reed; it possessed a unique magic that would punish anyone who dared to provoke him. With a firm grip on the reed, Annanga marveled at its potential, knowing that whenever he uttered the incantation “Bombay Bomba,” it would unleash a force that left no room for foolishness.

As Annanga strolled along the familiar path leading home, he encountered his friend, who stood with arms crossed, a look of disapproval etched across his face. “You’re so lazy,” his friend chided, shaking his head in disbelief. “Why is it that you’ve only managed to gather a mere stick for firewood?” The afternoon sun cast a warm glow around them, highlighting the stark contrast between Annanga’s casual demeanor and his friend’s earnest criticism.

“Bombay Bomba!” Annanga proclaimed with a mischievous grin, his eyes glinting with excitement.

“Ouch! Ouch!” his friend cried out, wincing in pain as the stick connected with his arm. “Please, stop it! I promise I’ll bring back your dog and that pot!”

Danet ipasaldeng Annanga san pao ay mang-ap-aplas issan gayyem na. “Isoblim am-in san inak-akew mo ken sak-en,” kinwanin Annanga ay nakalliget.

Naisobli ken Annanga san aso ya banga. Idi sinmaa, inpailana issan bebsat na san gasat na ay in-inted san batang. Men-gasing da asnan inila da.

Engganas di, egay da et iyaamis si Annanga.

>>><<<

With a firm grip, Annanga halted the relentless thrashing of the reed that had been aimed at his friend. He stepped forward, his voice steady yet filled with intensity as he confronted the thief. “You must return everything you’ve taken from me,” Annanga declared, his eyes locked on the culprit with unwavering determination. angrily.

After a long journey, the dog and the pot were brought back to Annanga, who could hardly contain his excitement. As he stepped through the door of his home, the vibrant colors of the tree’s gifts sparkled in the sunlight, capturing the attention of his siblings. They gathered around, their faces lighting up with joy and amazement at the fortune he had discovered.

The atmosphere was filled with laughter and celebration as Annanga proudly displayed the treasures he had received. The love and warmth in the room enveloped him, and from that moment on, he found himself lavished with kindness and affection by his siblings, who showed him a level of care he had never experienced before.

>>><<<

Reading Quiz

Instructions: Read each question carefully. Copy the letter of the best answer.

1. Think about how Annanga's family treated him at the start of the story. Why did Annanga want to show the magic dog to his siblings?

A. He wanted to buy a new house for himself.

B. He wanted his siblings to finally be kind to him.

C. He wanted to show them he was a great hunter.

D. He wanted to give all the money to his friend.

2. Think about what happened when Annanga went to his friend's house. How did Annanga lose his first two magical gifts?

A. The dog and the pot ran away into the forest.

B. He accidentally broke them on the way home.

C. His friend tricked him and stole them while he was asleep.

D. The magic stopped working because it was too dark.

3. Think about how the stick helped Annanga get his stolen things back. Why was the magic stick better than the dog or the pot?

A. The stick was easier to carry than a heavy pot.

B. The stick helped him protect himself and stop the thief.

C. The stick could turn into gold coins too.

D. The stick was a gift from his siblings.

4. Think about how Annanga kept trying even when things were hard. The tree gave Annanga gifts only when he was about to cut it down. What does this show?

A. Trees are very afraid of people.

B. You should always cut down trees to find magic.

C. Being determined and not giving up can lead to rewards.

D. Magic only happens in the morning.

5. Think about who had the dog and the pot before the stick started hitting. What would have happened if Annanga never used the magic stick?

A. His friend would have kept the stolen treasures forever.

B. His siblings would have found the magic tree themselves.

C. The dog would have followed him home anyway.

D. The tree would have given him a different gift.



The Tale of Lightning and Comellab

Da Kimat ken Comellab

A long time ago, there was a brave man named Comellab who had a big argument with Lightning himself. You see, Lightning wasn't the kind of force you'd want to mess with—he struck wherever he pleased. Animals, trees, people—it didn't matter. And one day, Comellab had enough.

Id kano kasin, wada nan kangadan as Comellab ay esa ay lalaki ay kato-tollodan ay nang-ama ken Kimat.

No si Kimat paylaeng, baken ap-aped nan ligetna. Kinnampolni as omasena. No kanana, ket-abana nan annimal, nan batang modya nan ippogaw. Maiwed pakawwanena asnan laosana. No kanana en ket-abana nan wada isnan batawa, danet ikkan.

Isnan namingsan, naoma si Comellab. Kedeng ay adina kayat nan ikakkan Kimat.

"Ey, Kimat!" Kinwanin Comellab ay ninbogaw. Mentebag ya mendayeng nan bogawna ay teg mentebteba isnan bilig. "Aye pay di ikkam ay mangket-ab isnan ippogaw, annimal ya batang ay teg ngandi binmasolan da ken sik-a?"

Nalastog si Kimat ay sinmongbat. "Apay? Kabaelak met ay menket-ab. Maiwed makapasaldeng ken sak-en. Ultimo, pati bato! Sino di mang-abak isnan pigsak?"

Adi paabak si Comellab danapay tatangaden id daya. "Sya aya?" Kanana. "Kabaelak ay mangpasaldeng ken sik-a! Sigguladowek ay adim sa kabaelan ay menlanggas isnan ippogaw ya annimal. Manipod idwani, awet kedeng nan bilig, bato ya batang nan ket-abam."

Naanammeng si Kimat ay teg kido ay malal-lalboong ad adda-addawi. "Sik-a di makapasaldeng ken sak-en? Kikinwanemen!"

Nasikap si Comellab. Danet ulnongen nan kinnampolni – laya, ket-an, sili ya tolang di ulon di ippogaw. Danet menpasged et poowana nan inulnong na et nindadawes nan naingel ay asok issan baey Kimat id daya et maob-onan da.

"Lightning!" Comellab shouted up at the sky, his voice echoing across the valley. "Why do you strike at innocent animals, people, and even trees? What harm have they done to you?"

Lightning, bold and proud, answered with a booming voice, "Why? Because I can. No one, not even the strongest boulders, can stop me from striking whoever or whatever I want. I'm unstoppable."

Comellab wasn't one to back down from a challenge. He crossed his arms, glaring at the sky. "Well, I can stop you," he declared. "I'll make sure you never harm people or animals again. From now on, you'll only strike mountains, rocks, and trees!"

Lightning laughed, his crackling voice rolling like distant thunder. "You? Stop me? I'd like to see you try!"

But Comellab was clever. He gathered an odd assortment of things—ginger, shells, pepper, and skulls—and set them all ablaze. Thick, acrid smoke rose from the fire, climbing higher and higher until it reached Lightning's home in the heavens.

Si met Kimat, egay nakasagana. Egay na gedan insagana nan pamilyana. Nilekelekan nan asok nan e-eeng da et asida-aadawag dandapay asi-iikeg. Pati nan mata da dandapay nasilliyan et asida lullo-lowa. Ginmate nan kodil da ya sinmakit nan eg-eges da issan naingel ay asok.

As ligliget Kimat, linmayog isnan batawa ay mangsango ken Comellab. Kaegyat san liget na ay teg menbidbidang nan awak na isnan ikkana ay menkiwi ay teg pati nan meng-ngetet ay liboo et linmawag. “Comellab!” Inbogaw Kimat. “Dadama nan inkam! Pinnakalom ay pilmi nan pamilyak!”

Ngem, egay inmegyat si Comellab. “Idwani, maliknam, Kimat nan liknan nan mang-ikalo isnan nan kinet-abam.” Inyaamman Comellab ay sinmongbat. “Isaldeng mo nan ket-a-ket-ab mo isnan mid basol da ta isaldeng ko ay menpa-asok.”

Men-etek kayet si Kimat. Adi en paabak. Adyana ay menpaanawa. “Sik-a, di komarit? Idwani, maiwed pakawwanek. Ket-abak am-in nan abatek! Ayagak paylang si Kido ay besat ko ta bomogaw as napin-napigsa sakpay abes menpangakirat id daya dakpay menket-ab isnan batawa!”

Now, Lightning and his family weren’t prepared for what hit them. The smoke stung their eyes, tickled their nostrils, and made them sneeze uncontrollably. Their skin itched and burned, and even their stomachs twisted in discomfort.

Lightning, furious and desperate, descended to confront Comellab. He blazed with anger, his bright flashes lighting up the dark clouds. “Comellab!” he roared. “What is this madness? You’ve made my family suffer like never before!”

Comellab stood firm, his gaze steady. “Now you understand how it feels to harm others. Stop striking innocent lives, and I’ll stop the smoke.”

But Lightning, proud and vengeful, wouldn’t concede so easily. “You dare to challenge me like this? Fine! From now on, I won’t spare anything in my path. I’ll strike wherever I want, and I’ll call on my brother, Thunder, to warn the world with a deafening roar before I flash my light across the sky.”

Enggana asdi, madoddwa da Kimat yas Kido ay somaed id daya ta ipaila da isnan ippogaw ay wada isnan batawa nan kanapigsada. Wada nan mangwani en egay lipatan Kimat san sikap Comellab isonga noka en namintis nan bab-ana et nan bilig, bato wenno batang nan kinet-ab na.

>>><<<

And so, ever since that day, Lightning and Thunder have worked together, striking fear—and awe—into everyone who sees their mighty display. But deep down, some say Lightning never forgot Comellab's cleverness, and that's why he still tends to aim for mountains, rocks, and trees more than anything else.

>>><<<

Reading Quiz

Instructions: Read each question carefully. Copy the letter of the best answer.

1. Think about what Comellab said to the sky at the very beginning of the story.

Why did Comellab decide to pick a fight with Lightning?

A. He wanted to show everyone that he was the strongest man.

B. He wanted to protect his community and the animals from being hurt.

C. He was bored and wanted to play a game with the clouds.

D. He wanted to steal Lightning's power for himself.

2. Think about how the smoke reached Lightning's family in a way a normal weapon could not. How did Comellab's "smelly smoke" help him win the argument?

A. It made the sky so dark that Lightning got lost.

B. It reached the heavens and made Lightning's family feel sick and itchy.

C. It turned into a giant ladder so Comellab could climb to the sky.

D. It smelled so good that Lightning wanted to come down and eat.

3. Think about the new rule Lightning made about his brother, Thunder. At the end of the story, how did the two characters settle their fight?

A. Lightning promised to never strike the earth ever again.

B. Comellab moved to the sky to live with Lightning's family.

C. Lightning agreed to give a warning and mostly hit rocks and trees.

D. They decided to stop talking to each other forever.

4. Think about what a loud noise does for people who are outside during a storm. Why is it important that Thunder makes a "deafening roar" before the lightning flashes?

A. It tells the villagers that it is time to start a fire.

B. It acts as a warning so people can find a safe place to hide.

C. It shows that Thunder is much angrier than Lightning.

D. It is a signal for the rain to start falling.

5. Think about Lightning's attitude before Comellab used the smoke. What would have happened if Comellab had never stood up to Lightning?

A. Lightning would have eventually become a kind and quiet spirit.

B. Lightning might have kept striking people and animals without any warning.

C. The villagers would have found a way to live without any light.

D. Thunder would have found a different brother to play with.

FILIPINO TRANSLATIONS

Si Ampat-o at ang mga Gintong Hikaw

Noong unang panahon sa Golinsan, ay may isang mangangaso na ang pangalan ay Ampat-o. Sa panahong iyon, nakikita at nakikihalubilo ang mga multo sa mga tao.

Isang araw, pumunta si Ampat-o na mangaso sa Ottibey na kung tawagin ngayon ay Lamut. Habang papalapit siya sa ituktok ng bundok ay may narinig siyang awit-patay. Gusto niyang mag-usisa at malaman kung sino iyong mga umaawit, kaya lumapit siya sa pinanggagalingan ng musika.

Sa patad na bahagi ng bundok, nakita niya ang mga multo. Umaawit ang mga ito sa harap ng isang pakong buwaya. Dito sa pakong buwayang ito nakatutok lahat ang kanilang mga mata. Tinignan ng mangangaso ang puno ng pakong buwaya at nakita niya ang kumikinang na isang pares ng gintong hikaw na nakasabit dito.

“Kailangang mapasaakin ang mga hikaw na iyon,” ang turan ni Ampat-o.

Nanahimik ito sa kanyang pinagtataguan habang naghihintay ng magandang pagkakataon para maisagawa nito ang kanyang nais. Hindi nagtagal, nakatulog ang mga multo. Dahan-dahang lumapit si Ampat-o sa pakong buwaya para kunin ang pares na gintong hikaw saka mabilisang tumakbo para muling magtago. Pero gising pala ang pinakamatandang multo kaya nasaksihan nito ang ginawa ni Ampat-o na kanyang namukhaan.

“May nagnakaw sa ating ginto!” ang sigaw niya.

“Sino? Ang sigaw ng mga anito.

“Si Ampat-o na mangangaso.” Sigaw ng pinakamatandang multo.

Inakala ng mga multo na wala na si Ampat-o. Ilang saglit lang ay may narinig na umaawit at nagsasabing, “Masuwerte si Ampat-o na kumuha sa ating ginto. Pero pag inahing bahoy ay hindi niya ialay, hindi rin magtatagal, siya ay mamamatay.”

Napakinggan ng nakatagong si Ampat-o ang awit ng mga multo. Hindi nagtagal ay naglaho ang mga multo kaya umuwi na rin si Ampat-o. Bigo man siya sa pangangaso pero dala niya ang pares na gintong hikaw.

Kinaumagahan, ipinatawag ni Ampat-o ang mga matatandang lalaki sa kanilang lugar para magkatay at mag-alay ng isang inahing baboy. Sa huli, napakatanda si Ampat-o ng namatay ito.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit nakipagsapalaran si Ampat o na kuhanin ang hikaw mula sa mga multo, ayon sa sinabi niya sa sarili nang una niyang makita ang mga hikaw?

A. Gusto niyang ipakita na mas mabilis siya kaysa sa kanila.
B. Naisip niya na ang mga hikaw ay napakaganda at mahalaga.
C. Gusto niyang maging pinuno ng kanilang baryo.
D. Sinusubukan niyang paalisin ang mga multo sa kagubatan.

2. Ano ang nangyari kay Ampat o matapos niyang sundin ang turo ng mga multo at mag alay ng baboy, gaya ng ipinakita sa dulo ng kuwento kung paano nagbago ang kanyang buhay?

A. Binigyan pa siya ng mga multo ng mas maraming ginto.
B. Naging mas mahusay siyang mangangaso kaysa dati.
C. Ginantimpalaan siya ng napakahaba at masayang buhay.
D. Ang mga gintong hikaw ay naging isang totoong baboy.

3. Ano ang ipinapakita ng mga espiritu tungkol sa kanilang ugali, kung kahit galit sila dahil kinuha ni Ampat o ang ginto ay kumanta pa rin sila upang tulungan siya, lalo na kapag ang isang tao ay sumusunod sa kanilang tradisyon?

A. Palaging galit ang mga espiritu sa mga mangangaso.

B. Ang mga espiritu ay maaaring maging mabait kung susunod ang mga tao sa tamang tradisyon.

C. Natatakot ang mga espiritu sa mga taong nagtatago sa mga halaman.

D. Kumakanta lamang ang mga espiritu kapag sila ay inaantok.

4. Sa kuwento, isang “malungkot na awitin” ang nagdala kay Ampat o sa ginto. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa lupain ng Golinsan, kung paano ginagamit ng bundok at ng mga espiritu ang tunog upang gabayan ang mangangaso?

A. Ang kagubatan ay isang nakakatakot at maingay na lugar.

B. Hindi dapat sinusundan ang musika sa mga bundok.

C. Ang kalikasan at mga espiritu ay gumagamit ng mga tanda para gabayan ang mga tao sa mahahalagang bagay.

D. Sinusubukan ng mga multo na linlangin si Ampat-o para maligaw siya.

5. Ano kaya ang mangyayari kay Ampat o kung nahuli siya ng lahat ng mga multo habang nagnanakaw, gaya ng nangyayari kapag nabigo ang isang plano at ikaw ay nahuli?

A. Maaaring napahamak siya at hindi kailanman natanggap ang pagpapala.

B. Inanyayahan sana niya ang mga multo sa kanilang baryo para maghapunan.

C. Ipinagpalit sana niya ang kanyang pana para sa mga hikaw.

D. Nanatili sana siya sa bundok para mag-aral kung paano kumanta.

Si Legawdan at Bagsangi: Ang mga Unang Nanirahan sa Agawa

Sa tahimik na baryo ng Dalolog sa Fidelisan, Sagada, nakatira ang mag-asawang sina Legawdan at Bagsangi.

Isang araw, habang abala si Legawdan sa kanilang taniman, napansin niyang may nawawala.

“Bagsangi,” tawag niya, “nakita mo ba ang buntis nating baboy? Wala siya!”

“Huh? Hindi ko nakita,” sagot ni Bagsangi habang kumakamot sa ulo. “Baka gumala lang. Huwag kang mag-alala; babalik din ‘yan.”

Lumipas ang ilang linggo, at bumalik nga ang baboy. Pero laking gulat ni Legawdan.

“Bagsangi, tingnan mo! Bumalik ang baboy pero ang payat-payat!”

“Pakainin mo na, Legawdan,” sabi ni Bagsangi. “Siguradong malayo ang nilakad niyan para maghanap ng pagkain.”

Dali-daling naghanda ng pagkain si Legawdan. Nilantakan ng baboy ang pagkain, ngunit pagkatapos kumain, muli itong umalis.

“Ang weird nito,” naisip ni Legawdan.

Ganito rin ang nangyari makalipas ang ilang linggo. Bumalik ang baboy, mas payat pa kaysa dati. Pinakain ulit ni Legawdan ang baboy pero sa pagkakataong ito, sinundan niya ito.

“Kailangan kong malaman kung saan ito pumupunta,” sabi niya sa sarili habang maingat na sinusundan ang baboy sa kabundukan at mga lambak.

Matagal ang paglalakbay, hanggang sa huminto ang baboy sa isang kuweba sa lugar na tinatawag na Makeyang sa Agawa. Laking gulat ni Legawdan nang makita niya sa loob ng kuweba ang sampung maliit na biik!

“Naku po!” napasigaw siya. “Malasakit naman ito! Siguradong magandang palatandaan!”

Inalala niyang mabuti ang lugar at dali-daling umuwi para ikuwento kay Bagsangi ang nakita.

Kinagabihan, habang nakaupo sila sa tabi ng apoy, ibinahagi ni Legawdan ang nangyari.

“Bagsangi, hindi ka makapaniwala sa nakita ko!” sabi niya na puno ng tuwa. “Sinundan ko ang baboy natin sa Makeyang, at may sampung biik sa loob ng kuweba!”

“Sampung biik?” namilog ang mga mata ni Bagsangi. “Napakagandang biyaya nito! Pupuntahan ko ito bukas.”

Kinabukasan, nagtungo si Bagsangi sa Makeyang. Pagdating niya sa kuweba, nakita niya ang mga biik gaya ng sinabi ni Legawdan. Tumingin siya sa paligid at may napansin pa siyang iba.

“Napakayaman ng lupa rito,” sabi ni Bagsangi sa sarili. “Ang lamig ng panahon, at tamang-tama para sa pagsasaka. Pwede tayong tumira rito!”

Pagbalik niya, sinabi ni Bagsangi kay Legawdan, “Dapat lumipat tayo sa Makeyang. Napakaganda ng lugar para sa pamilya natin.”

Sumang-ayon si Legawdan, at magkasama nilang kinausap ang kanilang mga kamag-anak para lumipat. Ang buong pamilya ay lumipat sa Makeyang, dala ang kanilang mga baboy.

Sinasabing sina Legawdan at Bagsangi ang unang mga nanirahan sa Agawa, nagsimula ng masaganang buhay sa bagong lupain.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Sa simula ng kuwento, anong hayop ang nawala sa bukid, gaya ng makikita sa unang talata kung saan tinawag ni Legawdan ang kanyang asawa?

A. Isang batang kambing sa bundok
B. Isang inahing baboy
C. Isang malaking kalabaw
D. Isang inahing manok

2. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng tamang pagkakasunod sunod ng ginawa ni Legawdan, mula sa unang nangyari hanggang sa kung paano niya nalutas ang misteryo?

A. Una ay ibinenta niya ang baboy, tapos lumipat siya sa kuweba, at sumunod ay nakakita siya ng mga biik.
B. Una ay nakita niyang payat ang baboy, tapos pinakain niya ito, at sumunod ay sinundan niya ito sa kuweba.
C. Una ay lumipat siya sa Agawa, tapos nahanap niya ang baboy, at sumunod ay pinakain niya ang mga biik.
D. Una ay nawala niya ang baboy, tapos bumili siya ng bago, at sumunod ay lumipat siya sa mga burol.

3. Bakit nagpasya si Bagsangi na dapat lumipat ang pamilya sa Makeyang, batay sa mga salitang ginamit niya para ilarawan ang lupa at ang panahon?

A. Mas malapit ito sa dati nilang baryo sa Dalolog.
B. Ang kuweba ay magandang lugar para magtago sa ibang tao.
C. Ang lupa ay maganda para sa pagsasaka at malamig ang panahon.
D. Gusto niyang makahanap ng mas maraming ginto sa mga bundok.

4. Ano ang pangunahing resulta ng desisyon ni Legawdan na sundan ang kanyang kuryosidad para mahanap ang baboy, gaya ng ipinakita sa pagtatapos ng kuwento kung paano nagbago ang buhay ng buong pamilya?

A. Ang kanyang pamilya ay nakahanap ng magandang bagong lugar para tirhan at makapagsimula ng isang baryo.
B. Ang kanyang pamilya ay naligaw sa mga bundok at hindi na nahanap ang daan pabalik.
C. Muling tumakbo palayo ang mga baboy dahil hindi nila gusto ang bagong kuweba.
D. Nag-away sila ni Bagsangi tungkol sa pag-alis sa dati nilang tahanan.

5. Ano ang aral ng kuwentong ito, na nagpapakita kung paano nakatulong sa mag asawa ang pagiging mapagmasid at pagiging handa sa pagbabago?

A. Mas mabuti na laging manatili sa iisang lugar at huwag kailanman lilipat.
B. Dapat ka lang maghanap ng mga hayop kapag ikaw ay gutom na.
C. Ang pagbibigay-pansin sa mga tanda at pagiging handa sa pagbabago ay maaaring magdala sa isang mas mabuting buhay.
D. Ang paglipat sa isang bagong lugar ay mapanganib at dapat iwasan.

Si Liwan na Anak ni Lumawigan

Noong unang panahon, may isang lalaking nagngangalang Lumawigan na nagdesisyong maligo sa ilog. Habang naglalakad, napansin niya ang dalawang kabataang babae na naglalaba sa ibaba ng ilog. Isa sa kanila ang tumimo sa kanyang mata. Napakaganda ng babae. Ngumiti si Lumawigan at naisip, “Gusto kong mag-iwan ng espesyal na bagay para sa kanya.”

Kumuha siya ng isang makinis na bato at nilagyan ito ng marka. Inulong niya ito pababa patungo sa mga babae. Napansin ni Bugan, ang magandang babae, ang bato. Kinuha niya ito at, naiintriga sa disenyo, itinali ito sa kanyang sinturon.

“Hmm, ang ganda-ganda ng batong ito,” naisip ni Bugan, kaya’t itinago niya ito sa kanyang hinabing sinturon at daladala saan man siya magpunta.

Lumipas ang mga buwan, at si Bugan, na laging may kasamang bato, ay napag-alamang siya’y buntis. Dumating ang panahon at siya ay nanganak ng isang malusog at guwapong bata. Bawat pagkakataon na maliligo ang bata, binubulong ni Bugan, “Lumaki kang malakas, anak, at balang araw, hanapin mo ang iyong ama.”

Gumawa siya ng bahag mula sa dinikdik na dahon ng gabi at dahon ng saging para para sa kanyang kumot.

Isang araw, nang maging binata na ang kanyang anak, dinala siya ni Bogan sa sayaw sa baryo. Si Liwan, tulad ng pangalan ng batang iyon, ay sumayaw sa tunog ng mga gong at tambol. Ang mga galaw niya’y napaka-agos, at para bang ang buong mundo ay sumasabay sa bawat kilos niya.

Sa gitna ng mga tao, si Lumawigan ay nakatingin. Labis siyang humanga sa galing ni Liwan at hindi mawala ang bata sa kanyang paningin. Nang umupo si Liwan sa tabi ng kanyang ina, hindi na napigilan ni Lumawigan na magtanong. Nilapitan niya sila at nagtanong, “Sino ang batang ito? Ang galing niyang sumayaw.”

Sumagot si Bugan, “Anak ko siya at ang pangalan niya ay Liwan.”

Nagpatuloy si Lumawigan sa pag-usap, “Sabihin mo pa ang tungkol sa kanya.”

Tumalima si Bugan at nagsalaysay, “Matagal na kaming naghahanap ng ama ng bata. Nanganak ako dahil sa isang espesyal na bato na nakuha ko sa ilog, isang batong aking dinala kahit saan ako pumunta.”

Pagkarinig ni Lumawigan, parang napahinto ang kanyang puso. Nalaman niyang ang tinutukoy ni Bugan ay ang batong iniiwan niya noon. Agad siyang natuwa at nagpahayag, “Ako ang nag-iwan ng batong iyon sa ilog!”

Mula sa araw na iyon, nagsama sina Lumawigan at Bugan, at sila ang naging pinakamayayaman at pinakamasayang pamilya sa buong baryo.

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit iginulong ni Lumawigan ang inukit na bato kay Bugan sa halip na makipag usap lang, gaya ng ipinakita sa kuwento kung paano ginamit niya ang bato upang magpadala ng mensahe nang hindi gumagamit ng salita?

A. Siya ay isang masamang tao na gustong saktan si Bugan.

B. Siya ay malikhain at gusto niyang magpadala ng isang espesyal na tanda.

C. Gusto niyang makita kung mabilis ba si Bugan para saluhin ito.

D. Sinusubukan niyang tulungan ang mga babae sa paglalaba.

2. Ano ang ipinapakita tungkol sa buhay nina Liwan at Bugan, kung gumamit si Bugan ng mga dahon para sa damit at kumot, at kung saan niya kinuha ang mga gamit dahil wala siyang pera para bumili sa tindahan?

A. Namuhay sila nang simple at ginamit ang mga bagay na nahanap sa kalikasan.

B. Sila ang pinakamayamang tao sa buong baryo.

C. Hindi nila gusto ang paggamit ng totoong tela o kumot.

D. Gusto nilang magtago mula sa ibang mga tagabaryo.

3. Paano nagbago ang buhay nina Liwan at Bugan sa dulo ng kuwento, kung ihahambing ang kanilang kalagayan sa simula (dahon lang ang gamit) sa kanilang kalagayan matapos nilang mahanap si Lumawigan?

A. Naging sikat silang mananayaw at naglakbay sa ibang lupain.

B. Bumalik sila sa ilog para maghanap pa ng maraming bato.

C. Mula sa pagiging maliit at mahirap na pamilya, naging mayaman at masaya silang pamilya.

D. Nagpasya silang manirahan nang mag-isa sa kagubatan.

4. Ano kaya ang malamang na mangyayari kung hindi pumunta si Lumawigan sa sayawan, gaya ng ipinakita sa kuwento kung paano nagkita ang ama at anak at kung ano ang mangyayari kung hindi naganap ang pagkikitang iyon?

A. Itatapon ni Bugan ang bato pabalik sa ilog.

B. Maaaring hindi na kailanman nahanap nina Liwan at Bugan ang ama ni Liwan.

C. Hihinto na si Liwan sa pagsasayaw habambuhay.

D. Lilipat si Lumawigan sa ibang baryo.

5. Ano ang pinakamahalagang aral ng kuwentong ito, batay sa pangunahing layunin ng mga tauhan at sa naramdaman nila nang sa wakas ay magkasama na ang pamilya?

A. Dapat ka lang sumayaw kung gusto mong maging mayaman.

B. Mahalagang malaman ang iyong pinagmulan at kung sino ang iyong pamilya.

C. Ang mga batong nahanap sa ilog ay palaging gawa sa ginto.

D. Huwag na huwag kang makikipag-usap sa mga tao sa sayawan sa baryo.

Ang Galit ni Malot: Isang Pakikipaglaban sa Bagyo

Noong unang panahon sa Agawa, may isang malakas na lalaking nagngangalang Malot. Kilala siya sa kanilang nayon bilang isang mahusay na mangangaso at matapang na tao.

Isang araw, maaga siyang umalis ng bahay dahil nakatakda siyang pumunta sa kagubatan upang mangaso. Habang naglalakad sa gitna ng makakapal na punongkahoy, bigla niyang nakita ang isang malaking ahas na tumatawid sa kanyang daraanan.

“Masamang tanda ito,” bulong ni Malot. “Ang ahas na tumatawid sa daan ko ay laging may masamang ibig sabihin.”

Hindi pa siya nakakalayo, may nakita na naman siyang isang malaking bayawak malapit sa kanya.

“Hindi maganda ito. Ahas na, bayawak pa,” sabi niya. “Dapat na akong umuwi.”

Nagdesisyon siyang bumalik sa kanilang nayon. Ngunit habang nagmamadali siyang umuwi, nagsimulang bumuhos ang malakas na ulan.

“Dapat makarating na ako sa bahay bago pa lumala ang ulan,” wika ni Malot sa sarili.

Ngunit hindi pa siya nakakauwi nang biglang yumanig ang lupa. Ang mga burol at bundok ay parang gumuguho. Tumayo si Malot at nataranta.

“Lindol! Anong nangyayari?!”

Bago pa man siya makapasok sa kanilang bahay, umalingawngaw ang kulog at sumambulat ang isang matinding kidlat. Nagulat si Malot, at kasabay ng takot ay ang kanyang galit.

“Bakit ginagawa niyo ito sa akin? Kidlat at Kulog, layuan niyo ako!”

Naglakas-loob siyang magsalita ng malakas, ngunit tila hindi siya pinapansin nina Kulog at Kidlat. Sa halip, lalong lumakas ang hangin at buhos ng ulan.

“Hindi ko kayo kinatatakutan!” sigaw niya. “Makikita ko kayo at lalabanan ko kayo!”

Tumakbo siya patungo sa yungib sa Dogodogan, isang lugar na kilala na misteryoso. Nang makarating siya roon, humarap siya sa ulap at hangin, hawak ang kanyang itak.

“Tanggapin niyo ito, Kidlat at Kulog! Labanan ko kayo!”

Iwinasiwas niya ang kanyang itak sa hangin. Paulit-ulit siyang sumisigaw at pinapalo ang hangin na tila ba may kalaban sa kanyang harapan.

“Tanggapin niyo ito!” sigaw pa niya.

Bigla na lamang, isang bagay ang nahulog mula sa langit. Isang pangil.

Takang-taka siyang napayuko. “Ano ito? Pangil mula sa kidlat?!”

Dinampot niya ito at sinabi, “Gagamitin ko ito na panghasa sa aking itak. Magiging mas malakas ako!”

Lumipas ang ilang araw, ngunit simula noon, nagsimulang manghina si Malot. Ang kanyang katawan ay unti-unting nawalan ng lakas, at nahirapan siyang tumayo.

“Anong nangyayari sa akin? Bakit ako nagkakasakit?” daing niya.

Nagtipon ang mga matandang lalaki sa nayon upang pag-usapan ang kalagayan ni Malot.

“Ang galit ni Malot ang nagalit sa mga diyos ng kulog at kidlat,” wika ng isa. “Kailangan natin itong ayusin.”

“Oo,” sabi ng isa pa. “Kailangan nating maghandog upang mapatawad siya ng mga diyos.”

Ang pinakamatanda sa kanila ay nagsalita, “Mag-aalay tayo ng baboy sa mga diyos. Ibubuhos natin ang dugo sa pasukan ng yungib sa Dogodogan, at magdarasal tayo kay Kabunian upang humingi ng kapatawaran para kay Malot.”

Agad silang naghanda. Dinala nila ang baboy sa yungib, at sa harap ng pasukan ay ibinuhos nila ang dugo habang nananalangin.

“Kami ay humihiling kay Kabunian,” dasal ng pinakamatandang lalaki. “Pagalingin niyo si Malot at ilayo niyo ang aming nayon sa mga bagyo.”

Pagkatapos ng alay, bumalik sila sa nayon na may dalang pag-asa. Di nagtagal, unti-unting gumaling si Malot. Ang kanyang katawan ay muling lumakas.

“Salamat, mga matanda,” wika ni Malot. “Ngayon, batid ko na ang pakikibaka laban sa kalikasan ay laban sa sarili.”

Hanggang ngayon, ang yungib sa Dogodogan ay nananatiling isang banal na lugar. Ginagawang libingan ito ng matatandang lalaki at babae ng nayon, at ang kwento ni Malot ay patuloy na naaalala—bilang paalala na ang kalikasan ay hindi dapat labanan, kundi igalang.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang naramdaman ni Malot nang makita niya ang mga hayop, at paano lalo pang lumakas ang pakiramdam na iyon nang magsimula ang bagyo, lalo na matapos niyang makita ang mga “masamang tandang” gaya ng ahas at bayawak?

A. Ginawa siyang masaya at excited na mangaso.

B. Ginawa siyang nag-aalala at pagkatapos ay galit na galit sa bagyo.

C. Gusto niyang makahanap pa ng maraming hayop para gawing alaga.

D. Naramdaman niya na siya ang pinakamalakas na lalaki sa baryo.

2. Ano ang ipinapakita sa atin ng ginawa ni Malot na gumamit ng kutsilyo laban sa bagyo, kumpara sa ginawa ng mga matatanda na nagdasal at nagbigay ng regalo?

A. Akala ni Malot ay kaya niyang kontrolin ang kalikasan, pero alam ng mga matatanda na dapat itong igalang.

B. Si Malot ay mas mahusay na mangangaso kaysa sa lahat ng matatanda sa baryo.

C. Natatakot ang mga matatanda kay Malot at sa kanyang matalim na bolo.

D. Gusto ni Malot na lumipat sa bagong baryo, pero gusto ng mga matatanda na manatili.

3. Bakit gusto ni Malot na itago ang “ngipin” ng kidlat para mas mapatalas ang kanyang sandata, at ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanya — gusto ba niyang tumulong sa iba o gusto lang niyang maging mas makapangyarihan?

A. Gusto niyang maging isang mabait na tao na tumutulong sa lahat.

B. Siya ay masyadong nakatuon sa pagiging makapangyarihan at pagkapanalo sa laban.

C. Gusto niyang ibenta ang ngipin para makabili ng pagkain para sa pamilya.

D. Siya ay isang napakahusay na tagapagluto na nangangailangan ng matalim na kutsilyo.

4. Ano ang nangyari kay Malot dahil nag-alay ng regalo ang mga matatanda sa mga diyos, at ano kaya ang malamang na mangyari sa kanya kung hindi nila ginawa iyon?

A. Makakahanap siya ng paraan para pahintuin ang ulan nang mag-isa.

B. Mananatili siyang may sakit dahil hindi siya nagpakita ng paggalang sa kalikasan.

C. Siya ang magiging hari ng kulog at kidlat.

D. Malilimutan niya kung bakit siya nagalit noong una.

5. Ano ang aral na natutunan ni Malot sa dulo na “hindi dapat lumalaban sa kalikasan,” at paano natin magagamit ang aral na ito sa ating buhay ngayon?

A. Dapat nating subukang pahintuin ang ulan tuwing gusto nating maglaro sa labas.

B. Dapat tayong magdala ng bolo tuwing kumukulog.

C. Dapat nating alagaan ang kapaligiran sa halip na subukan itong labanan.

D. Dapat lang tayong pumasok sa mga kuweba kapag tayo ay galit na galit.

Ang Paglalakbay nina Palpal-ama at Palpal-iking

Noong unang panahon ay may magkaibigang nagngangalang Palpal-iking at Palpal-ama. Araw-araw ay nagtatrabaho sila sa kanilang taniman sa Amtoking. Dinadamuhan nila ito at tinatabas nila amg mga tambo na tumubo doon.

Ngunit bawat pagbalik nila kinabukasan ay nadaratnan nilang masukal pa rin ang kanilang taniman na para bang wala silang nilinis noong nakaraang araw. Nakatubong muli ang mga ang mga damo ganoon din ang mga tambo. Araw-araw ganoon ang dinaratnan nila sa kanilang taniman, kaya sila ay labis na nagtataka.

Di-nagtagal ay napagod na rin sina Palpal-iking at Palpal-ama sa pagbabalik-balik at pag-uulit-ulit na pagdadamo sa kanilang taniman, kaya nagplano si Palpal-ama. Sinabi niya sa kaniyang kaibigan na magmanman sila upang malaman ang kababalaghang nagaganap.

Nang gabing iyon, talagang bumalik sila sa Amtoking. Nang malapit nang mag-umaga, nakita nila si Otot na nakapatong sa isang tuod. Nakatuwad siya habang bumibigkas ng, “Tambo, tambo, muli kang tumubo; damo, damo, muli kang lumago.”

Agad-agad ngang bumabalik sa dating pagkakatubo ang mga tambo at damong kanilang tinabas noong nakaraang araw.

Huhulihin sana nila si Otot kaya lang ay nakatakbo ito. Hinabol nila ito ngunit nakapagtago na ito sa kaniyang lungga.

Nagmungkahi si Palpal-ama na pausukan nila ang lunggang pinagtataguan ni Otot. Biglang natakot si Otot kaya siya ay nagmakaawa na huwag nilang ituloy ang balak sa kaniya. Sinabi nito na hindi na muling uulit na utusan ang mga halamang tumubo ulit. Sinabi ni Otot na nais niyang madala ang magkaibigan sa kaniyang bahay dahil may ibibigay daw siya sa mga ito.

Hindi nga nila pinausukan ang lungga ni Otot, kaya lumabas si Otot at isinama niya sa kaniyang bahay ang magkaibigan.

Nang makarating sila sa bahay ni Otot, sinabi ni Otot kay Palpal-ama na kumuha ng babasaging plato, at pinakuha naman niya kay Palpal-iking ang isang linalang salaan. Ibinilin ni Otot sa magkaibigan na gamitin ang mga bagay na iyon para pantakip sa kanilang mga mata habang siya ay nagluluto. Tumalima naman ang magkaibigan.

Dinakot ni Otot ang abo mula sa kaniyang lutuan at inilagay niya ito sa palayok. Pagkatapos ay isang napakagandang dalaga, na nasa loob ng isang nanlilimahid na gusi ang nag-abot sa kaniya ng isang sandok na gawa sa kahoy.

Nagsimula nang magluto si Otot. Habang hinahalo niya ang abo sa palayok, kumakanta siya. “Haluin nang haluin; mamaya magiging kanin.” Ilang saglit pa ay naging kanin nga ang abo.

Muling dumakot ng abo si Otot at inilagay sa isa pang palayok. Kumanta siyang muli habang naghahalo. “Katakam-takam, maging masarap kang ulam.”

Dumakot siyang muli ng abo at inilagay sa isa pang palayok habang umaawit. “Likaw-likaw, maging masarap kang sabaw.”

Nang matapos makapagluto ni Otot, tinawag na niya ang bisita niyang magkaibigan upang kumain.

Nakitang lahat ni Palpal-iking ang ginawang pagluluto ni Otot mula sa mga siwang ng linalang salaan na pinantakip niya sa kaniyang mukha, kaya kung maaari ay hindi na siya kakain. Ngunit ang ayaw mawala sa kaniyang isipan ay ang nakita niyang napakagandang dalaga na nanggaling sa gusi at nag-abot ng sandok kay Otot.

Matapos nilang makakain, sinabi ni Otot sa magkaibigan na maaari silang kumuha ng kahit ano sa mga mahahalagang kasangkapan ni Otot. Agad-agad ay pinili ni Palpal-ama ang sa tingin niya ay pinakamaganda at pinakamahal na gusi.

Samantala, walang ibang pinili si Palpal-iking maliban sa nanlilimahid na gusi. Gusto ni Otot na pumili ng iba si Palpal-iking kaya sinasabi ni Otot ang kung ano-anong di- maganda tungkol sa maruming gusi. Sinabi ni Otot na ang gustong gusi ni Palpal-iking ay ginagamit niya bilang arinola; doon siya umiihi at dumudumi. Ngunit ayaw magbago ng desisyon si Palpal-iking, kaya kahit nanghihinayang si Otot, pinayagan niyang kunin ni Palpal-iking ang maruming gusi.

Habang papauwi na ang magkaibigan, si Palpal-iking ay nahuhuli. Kapag nililingon siya ni Palpal-ama, nakikita ni Palpal-ama na may kasabay si Palpal-iking na napakagandang dalaga.

Dahil nais makilala ni Palpal-ama kung sino ang babaeng kasabay ng kaniyang kaibigan, siya ay huminto at naghintay. Ngunit nang datnan siya ni Palpal-iking, wala naman siyang nakitang kasabay si Palpal-iking.

Nagpatuloy sila sa paglalakad at muling nahuli si Palpal-iking. Nang lingunin muli ni Palpal-ama ang kaniyang kaibigan, nakita niyang may kasabay na naman ito. Hinintay muli ni Palpal-ama ang kaniyang kaibigan, at gaya ng dati, nag-iisa na naman ito nang datnan siya.

Nang makarating ang magkaibigan sa Amtoking, sila ay namahinga. Lumabas ang magandang dilag mula sa nanlilimahid na gusi kaya hinugasan ni Palpal-iking ang gusi upang malinisan ito.

Naisip naman ni Palpal-ama na maaaring mas maganda ang laman ng pinili niyang niyang gusi dahil napakamahal nito. Agad kinuha ni Palpal-ama ang kaniyang gusi, ngunit ang lumabas dito ay isang matandang babae na papilay-pilay pa, kaya agad itong iniwan ni Palpal-ama.

Si Palpal-iking naman at ang magandang dilag ay nagpakasal nang lumaon . Sila’y buong buhay na namuhay nang masaya.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang ipinapakita ng ginawa ni Palpal iking na sumilip habang nagluluto si Otot, kung paano niya nalaman ang tungkol sa magandang babae habang si Palpal ama ay nakapikit lang?

A. Siya ay mas mapagmasid at gustong malaman ang katotohanan.

B. Siya ay mas gutom kaysa sa kanyang kaibigan.

C. Natatakot siya sa mahika ng daga.

D. Gusto niyang pagnakawan ang bahay ni Otot.

2. Bakit naging maganda ang resulta ng pagpili ni Palpal iking sa maruming banga, at ano ang ipinapakita nito tungkol sa mas mahalaga — ang hitsura sa labas o ang ganda sa loob?

A. Dahil gusto niyang maglinis ng mga lumang gamit.

B. Dahil alam niyang may nakatagong ganda sa loob nito kahit marumi sa labas.

C. Dahil wala na siyang ibang mapiling regalo.

D. Dahil gusto niyang makatipid ng pera.

3. Paano nagkaiba ang nakuha nina Palpal ama at Palpal iking sa dulo ng kuwento, kung ihahambing ang pagpili ni Palpal ama na nakabatay sa yaman at ang pagpili ni Palpal iking na nakabatay sa kanyang nakita?

A. Ang kasakiman ni Palpal-ama ay nauwi sa pagkabigo, habang ang tamang pagpili ni Palpal-iking ay nauwi sa kaligayahan.

B. Pareho silang naging mayaman dahil sa mga banga.

C. Naging mas masipag na magsasaka si Palpal-ama.

D. Walang nagbago sa kanilang buhay pag-uwi sa baryo.

4. Ano ang ipinapakita ng mahika ni Otot na ginagawang pagkain ang abo, kung paano nagbibigay ang kalikasan ng gantimpala sa mga taong marunong rumespeto sa mga hayop?

A. Ipinapakita nito na hindi na kailangang magtrabaho sa bukid.

B. Ipinapakita nito na ang mga bagay ay hindi laging kung ano ang hitsura nila sa una.

C. Ipinapakita nito na masarap kumain ng abo mula sa kalan.

D. Ipinapakita nito na masama ang maging isang magsasaka.

5. Ano kaya ang mangyayari kung si Palpal ama ang nakakita sa babae sa loob ng banga habang nagluluto, kung iisipin ang ugali niya na laging gusto ang pinakamaganda at pinakamahal na bagay?

A. Ibibigay pa rin niya ang banga kay Palpal-iking.

B. Pipiliin niya ang maruming banga dahil alam niyang may halaga ito sa loob.

C. Itatapon niya ang banga sa ilog dahil sa takot.

D. Hihingi siya ng mas maraming pagkain kay Otot.

Ang Alamat ng Lawa ng Ina at Anak sa Banao

Noong unang panahon, sobrang nagutom ang mga taga-Maeng. Kulang na kulang ang kanilang pagkain dahil panahon iyon ng taggutom.

Ang Maeng ay lugar na matatagpuan malapit sa hangganan ng Mountain Province at Abra.

Upang malunasan ang matinding gutom, isang nanay na taga-Maeng, kasama ang kaniyang anak na babae ang nagpasyang maglakbay at maghanap ng makakain sa ibang bayan.

Nag-akyat-baba sila sa mga bundok sa kanilang paglalakbay sa loob ng dalawang araw. Nang makarating sila sa pagitan ng Sagada at Besao, sila ay umupo upang magpahinga dahil sa sobrang pagod.

Habang sila ay namamahinga, narinig ang pag-igik ng dala nilang biik, na plano nilang ipagpalit sa pagkain. Walang ano-ano'y biglang sumulpot ang isang matanda. Sinabi nito sa mag-ina na tanggalin nila ang mga kuto sa kaniyang ulo.

Hindi nagreklamo ang mag-ina at agad silang tumalima sa hiling ng matanda. Nagulat at nahintakutan sila nang makitang may ahas, alupihan at iba pang insekto na nakabuhol sa buhok ng matanda. Gayunman, tahimik nilang tinanggal isa-isa ang mga nasabing insekto sa ulo ng matanda.

Nang matapos nilang tanggalin ang lahat ng insekto sa ulo ng matanda, sila ay inanyayahan ng matanda na kumain sa kaniyang bahay dahil malapit na ang tanghalian. Hindi sila tumanggi sa paanyaya dahil pagod at gutom na gutom na rin sila.

Sa bahay ng matanda, nakita nila na kakaiba at nakakahindik-balahibo ang mga kagamitan nito sa kusina dahil ang mga ito ay mga bahagi ng katawan ng tao, tulad na lamang ng kaniyang kaldero na makikitang mula sa kalahati ng bungo ng tao. Ang mga plato ay palad ng tao at ang sandok ay buto rin ng tao.

Hindi umimik ang mag-ina sa kakatwang kagamitan ng matanda, bagkus ay kinain nila anuman ang inihain ng matanda para sa kanila.

Matapos nilang makakain, sinabi ng matanda sa mag-ina na sumunod sila sa kaniya sa kaniyang taniman ng gabi upang manguha sila doon ng gabi na kanilang maiuuwi sa kanilang bayan. May palay din doon na ipinamimigay ng matanda. Pinagbilinan sila ng matanda na maaari nilang makuha gaano man karami ang gusto nila basta kaya lang nilang buhatin. Sinab niya rin sa mag-ina na mananatili silang sagana sa pagkain hanggang sa susunod na anihan, na tatagal pa nang limang buwan.

Nang makauwi ang mag-ina sa Maeng, agad nilang inilagay sa kanilang kamalig ang dala nilang palay, at nagtaka sila dahil biglang napuno ang kanilang kamalig. Samantala, ang gabi naman na inilagay nila sa kanilang bahay ay biglang dumami at lahat ng bakanteng lugar sa loob ng kanilang bahay ay nagkaroon ng gabi.

Nagtaka ang kanilang mga kapitbahay at nagtanong ang mga ito kung ano ang ginawa ng mag-ina kaya nagkaroon sila ng napakaraming pagkain.

Matapos marinig ang kuwento ng mag-ina, isang kapitbahay nila ang agad na nagsabi sa kaniyang anak na puntahan din nila ang lugar na ikinuwento ng kanilang sinuwerteng kapitbahay.

Nang makarating sila sa lugar na inilarawan ng kanilang kapitbahay, sila ay namahinga at kanilang pinaiyak ang dala nilang biik. Gaya ng kanilang inaasahan, biglang lumitaw ang matandang tumulong sa naunang mag-ina.

Pareho rin ang pinagawa ng matanda sa mag-ina ngunit kaiba sa naunang mag-ina, sila ay natakot at nandiri sa iba-ibang insekto na nakabuhol sa buhok ng matanda. Inis na inis nilang sinunod ang hiling ng matanda kung kaya't pinagkakagat ng mga insekto ang kanilang mga kamay.

Hindi nagpahalata ang matanda na hindi siya natuwa sa ikinilos ng mag-ina. Inanyayahan pa rin niya ang mag-ina para kumain sa kaniyang bahay. Ngunit hindi kumain ang mag-ina dahil nandiri sila at ayaw nila ang mga kakatwang kasangkapan ng matanda sa kusina.

Gaya ng naunang ginawa ng matanda, dinala niya ang mag-ina sa taniman niya ng gabi at sa lugar kung saan nakalagay ang mga palay upang hayaan din silang kumuha ng kaya nilang buhatin.

Dahil sa kasakiman, sobra-sobra ang kinuha ng mag-ina, kaya halos hindi na sila makahakbang sa sobrang bigat ng kanilang binubuhat.

Nang papaalis na sila upang bumalik sa kanilang pinanggalingang bayan, sinabi ng matanda sa kanila, "Dahil sa inyong kasakiman at kawalan ng paggalang, kayo ay aking isinusumpa! Kayo ay magiging lawa na magsisilbing tanawin sa bawat taong dadaan dito."

Sa isang iglap ay naging isang malaking lawa ang ina. Samantalang ang anak ay naging maliit na lawa dahil nagtangka itong tumakas ngunit hindi siya nakaligtas sa sumpa ng matanda. Ito ang dahilan kung bakit hindi magkalapit ang dalawang lawa.

Sa kasalukuyan, ang mga lawang ito ay matatagpuan sa pagitan ng Sagada at Besao. Tinatawag silang "Mother Lake Banao" at "Daughter Lake Banao."

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit tinulungan ng unang ina at anak ang matanda kahit natatakot sila sa mga ahas sa buhok nito, kung iisipin kung ano ang mas mahalaga para sa kanila — ang kanilang sariling takot o ang pagtulong sa kapwa?

A. Gusto nilang nakawin ang ginto ng matanda.

B. Mas pinahalagahan nila ang pagiging mabait at magalang kaysa sa kanilang takot.

C. Akala nila ay hindi totoong ahas ang mga nakita nila.

D. Sinabihan sila ng matanda na bibigyan sila ng pera agad-agad.

2. Ano ang naging resulta ng pagsigaw at pagtanggi ng ikalawang pamilya na tulungan ang matanda, kung ihahambing sa naging reaksyon ng matanda sa unang pamilya na tumulong sa kanya?

A. Binigyan sila ng mas maraming pagkain kaysa sa una.

B. Nakahanap sila ng mas madaling daan pauwi sa Abra.

C. Nauwi ito sa isang parusa sa halip na gantimpala.

D. Pinatulog sila ng matanda sa isang malambot na kama.

3. Bakit nanatiling tahimik ang unang ina at anak kahit nakakita sila ng mga kakaibang gamit sa bahay ng matanda, kung iisipin na baka ginagamit ng matanda ang mga gamit na ito para subukin ang kanilang paggalang?

A. Dahil busog na busog sila at hindi na makapagsalita.

B. Dahil ang pagiging tahimik at magalang ay isang pagsubok sa kanilang ugali.

C. Dahil nakalimutan nila ang kanilang mga pangalan sa takot.

D. Dahil wala silang pakialam sa mga gamit sa loob ng bahay.

4. Bakit ang pagiging “lawa” ang naging parusa sa ikalawang ina at anak, kung iisipin na gusto ng matanda na ipakita sa lahat ng tao ang naging bunga ng kanilang kasakiman?

A. Para magkaroon sila ng lugar na mapagliliguan araw-araw.

B. Para magsilbing paalala sa lahat ng naglalakbay tungkol sa masamang dulot ng kasakiman.

C. Para matulungan silang maging mas mabilis na manlalakbay.

D. Dahil gusto nilang tumira sa tubig habambuhay.

5. Ano kaya ang mangyayari kung tinularan ng ikalawang pamilya ang kabaitan ng unang pamilya, kung iisipin na mas mabuti ang maging magalang kaysa maging sakim?

A. Magiging lawa pa rin sila pero mas malinis ang tubig.

B. Tatanggapin din sila ng matanda at bibigyan ng sapat na pagkain nang walang parusa.

C. Bibigyan sila ng matanda ng isang malaking bahay sa bundok.

D. Magagalit ang unang pamilya sa kanila.

Ang Pinagmulan ng Bahaghari

Noong unang panahon, sa isang maliit na baryo na napapaligiran ng makakapal na kagubatan at malinis na ilog, may mag-asawang nagngangalang Bogatan at Logayan. Kilala sila sa kanilang pakikilahok sa mga ritwal tulad ng senga na isang banal na seremonya.

Isang araw, bilang bahagi ng senga, kinatay nila ang dalawang baboy at isang manok. Ang pinakamagagandang bahagi ng karne ay ibinigay sa mga nakatatandang lalaki na nagsagawa ng mga dasal. Ang mas maliliit na bahagi naman ay ipinamigay sa mga kamag-anak, kaibigan, at kapitbahay bilang simbolo ng pagkakaisa at pakikipagkapwa.

Matapos ang seremonya, si Bogatan, na sadyang makasarili, ay nagdesisyong lutuin ang lahat ng natirang karne para sa sarili niya.

“Bakit hindi natin itago ang iba para bukas o ibahagi sa iba na nangangailangan?” suhestiyon ni Logayan habang nililinis ang natira.

“Bakit ko gagawin ‘yon?” sagot ni Bogatan, na tila walang pakialam. “Nagbigay na tayo ng sapat. Ang natira ay atin.”

Hindi na sumagot si Logayan at nanlumo na lang. Si Bogatan naman ay niluto ang lahat ng natirang karne, kinain ito mag-isa, at iniwan ang mga buto sa isang palanggana.

Nang makita ni Logayan ang mga walang-laman na kaldero at ang palanggana ng mga buto, umigting ang kanyang galit. “Paanong nagawa mong kainin ang lahat? Hindi mo man lang naisip ako, ang anak natin, o kahit sino pa!”

“Bahay ko ito,” sagot ni Bogatan nang may kayabangan. “Ako ang masusunod kung anong gagawin ko sa pagkain ko.”

Sa galit, kinuha ni Logayan ang palanggana ng mga buto at umalis. “Kung wala kang pakialam sa amin, dadalhin ko na lang ito sa ilog!”

Naglakad siya papunta sa pampang ng ilog, may balak na itapon ang mga buto. Ngunit habang nakaupo siya sa isang malaking bato sa tabing-ilog, napalitan ang kanyang galit ng matinding pagod. Tinitigan niya ang mga buto at napabuntong-hininga. Sa gutom, sinimulan niyang pagpasasaan ang mga buto.

“Hinding-hindi na ako babalik sa lalaking ‘yon,” bulong niya sa sarili habang ngumunguya.

Samantala, sa kanilang bahay, inaalagaan ni Bogatan ang kanilang anak. Habang papalubog na ang araw, nagsimula siyang mag-alala. Hindi pa rin bumabalik si Logayan. Ang bata ay umiiyak nang umiiyak.

“Nasan na ba ang babaeng iyon?!” inis niyang sabi. Sa huli, nagdesisyon siyang hanapin si Logayan.

Pagdating niya sa ilog, nakita niyang nakaupo si Logayan, ngumunguya ng malaking buto na parang aso. Nang makita ito, napangisi siya sa pagkasuklam at galit.

“Logayan! Ano’ng ginagawa mo? Para kang aso! At ano na ang nangyari sa anak natin? Pabayaan mo na ba siya?” sigaw ni Bogatan.

Bumaling si Logayan sa kanya, puno ng galit. “May lakas ka pang sumigaw sa akin? Ikaw itong makasarili! Nakalimutan mo ang responsibilidad mo sa pamilya mo, Bogatan!”

Nagulat si Bogatan sa mga sinabi niya ngunit pilit pa ring nagdepensa. “Hindi ko naman sinasadya—”

“Patahimikin mo na ako!” sigaw ni Logayan, tumayo at itinuro siya. “Sawang-sawa na ako sa pagiging makasarili mo! Sisiguraduhin kong hinding-hindi mo malilimutan ang ginawa mo.”

Tumayo si Logayan, puno ng determinasyon. “Tatalon ako sa ilog, at tuwing pupunta ka dito para kumuha ng tubig, palagi mo akong maaalala. Kapag may makikita kang makulay na arko sa kalangitan, huwag kang lalapit sa ilog, kundi ikaw ay magiging isang palaka!”

Bago pa siya mapigilan ni Bogatan, tumalon si Logayan sa ilog.

“Logayan! Huwag!” sigaw ni Bogatan, ngunit huli na ang lahat.

Sa isang iglap, ang makukulay na sinulid mula sa hinabing sinturon ni Logayan ay kumawala at umakyat sa langit, bumuo ng isang napakagandang arko na may mga kulay pula, kahel, dilaw, berde, bughaw, at lila. Ito ang naging unang bahaghari—isang maganda ngunit malungkot na paalala ng sakripisyo ni Logayan at ng kasakiman ni Bogatan.

Simula noon, naniwala ang mga tao na ang bahaghari ay isang babala. Kapag lumitaw ito sa kalangitan, kailangang umiwas sa ilog dahil sa sumpang iniwan ni Logayan.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit kinain ni Bogatan ang lahat ng natirang karne nang mag isa, kung iisipin ang pagkakaiba ng pagbabahagi sa baryo at ang sariling kagustuhan ni Bogatan?

A. Sinusubukan niyang iligtas ang karne para hindi ito mapanis.

B. Siya ay sakim at mas inisip ang sarili kaysa sa kanyang pamilya.

C. Gusto niyang ibigay ang mga buto sa kanyang mga kapitbahay.

D. Sinusunod niya ang mga tuntunin ng seremonyang senga.

2. Ano ang nangyari dahil tumanggi si Bogatan na magbahagi sa kanyang pamilya, kung iisipin ang naramdaman ni Logayan at ang ginawa niya sa ilog?

A. Naging sikat na tagapagluto si Logayan sa kanilang baryo.

B. Lumipat ang pamilya sa isang mas malaking bahay malapit sa gubat.

C. Umalis si Logayan sa bahay at kalaunan ay tumalon sa ilog.

D. Huminto ang sanggol sa pag-iyak at nakatulog nang mahimbing.

3. Ano ang ipinapakita ng sinabi ni Bogatan na si Logayan ay “para sa hayop,” at ng sinabi ni Logayan na si Bogatan ay “makasarili,” kung iisipin na si Bogatan ay tumingin lang sa panlabas na kilos, habang si Logayan ay tumingin sa dahilan ng kilos?

A. Ang tanging mahalaga kay Bogatan ay ang hitsura, pero kay Logayan ay ang ugali.

B. Pareho silang gustong lumipat sa isang bagong baryo.

C. Pareho nilang iniisip na ang sanggol ang pinakamahalagang tao.

D. Si Bogatan ay isang napakabait at matulunging asawa.

4. Ang bahaghari ay gawa sa mga kulay ng hinabing sinturon ni Logayan. Ano ang kinakatawan ng mahiwagang tandang ito, kung iisipin kung bakit lumilitaw ang bahaghari at ano ang ipinapaalala nito sa mga tao?

A. Kinakatawan nito ang masayang katapusan para sa buong pamilya.

B. Ipinapakita nito na ang mga hinabing sinturon ay sadyang makulay.

C. Kinakatawan nito ang isang malakas na babala tungkol sa sakit na dulot ng kasakiman.

D. Ipinapakita nito na ang ilog ay isang ligtas na lugar para maglaro.

5. Paano kaya nagbago ang katapusan ng kuwento kung nakinig si Bogatan kay Logayan at nagbahagi ng karne, kung iisipin kung ano ang mangyayari sa pamilya kung naging mabait siya sa halip na sakim?

A. Mas magiging malaki pa ang bahaghari sa langit.

B. Mananatiling buo ang pamilya at hindi magkakaroon ng sumpa.

C. Tatalon pa rin si Logayan sa ilog kahit ano ang mangyari.

D. Hihinto na ang mga tagabaryo sa pagsasagawa ng mga seremonya.

Ang mga Panahon ng Taon at si Paddogan

Noong unang panahon ay may isang lalaki sa Agawa na nagngangalang Paddogan. Siya at ang kaniyang asawa ay may dalawang anak na lalaki na nagngangalang Altaban at Boliban. May babaeng anak din sila na nagngangalang Bangan.

Isang araw ay nagpunla ng palay si Paddogan sa isang malawak na palayan.

Matapos makapagpunla, tinawag ni Paddogan ang tatlo niyang anak. Sinabi niya sa kanila na paghati-hatian nila ang palayan at kani-kaniya nilang alagaan ang mga naipunla dito.

Sinabi ni Altaban na dapat ay siya ang magmana ng palayan pati ang nakapunla dito dahil siya ang panganay.

Sumagot naman si Boliban. Sinabi niya na kung kakamkamin lahat ni Altaban, si Altaban lang ang mabubuhay at sila na kapatid ni Altaban ay mamamatay sa gutom. Kaya pumayag si Boliban na mapuntang lahat ng punla kay Altaban basta paghatian nilang dalawa ang palayan.

Nalungkot ang kapatid nilang si Bangan dahil sa pagsasagutan ng dalawa niyang kapatid, na napatunayan niyang parehong sakim. Nagsalita si Bangan at iminungkahi niya na paghatian na lang nilang tatlo ang punla at ang palayan upang pare-pareho silang magkaroon ng ikabubuhay.

Parehong nagmatigas ang dalawang kapatid na lalaki. Nais nilang masunod kung ano lamang ang gusto nila.

Nalungkot ang kanilang ama na si Paddogan sa hindi pagkakasundo ng kaniyang mga anak. Sinabi niya sa kaniyang mga anak na kung patuloy silang mag-aaway-away, pare-pareho silang mamamatay. Dagdag pa niya na ganoon din ang mangyayari sa panahon; hindi rin ito magbabago. Laging magiging mahangin at malamig ang panahon kaya ang mga pananim ay hindi tataba at unti-unting mamamatay.

Naisip ni Paddogan na mag-alay kay Kabunian, kaya pinili niya ang pinakamataba niyang manok, at ginawa niya ang kinakailangang ritwal. Nang maluto ang manok, sinandok niya ito at nagsimula siyang manalangin. Hiniling niya kay Kabunian na tulungan siyang ipagkasundo ang mga anak.

Dininig naman ni Kabunian ang panalangin ni Paddogan dahil maganda ang niloloob ng puso nito, kaya inutusan ni Kabunian ang hangin na pagsama-samahin nito ang mga ulap. Nagbungguan ang mga ulap at nabuo ang ulan hanggang isa-isa silang pumatak. Iyon ang simula ng pagkakaroon ng panahon ng tag-ulan.

Tuwang-tuwa si Paddogan kaya sinimulan na nilang itanim ang mga malalaki na nilang punla sa iba-iba nilang mga playan. Mabilis namang tumubo at tumaba ang mga ito.

Nang malapit nang sumibol ang kanilang pananim, pinahinto naman ni Kabunian ang ula kaya nagbago ang panahon. Iyon naman ang simula ng pagkakaroon ng panahon ng tag-araw.

Di-nagtagal ay nag-ani na ang buong pamilya ni Paddogan. Mula noon ay hindi na sila muling nag-away-away pa.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit tumanggi sina Altaban at Boliban na hatiin nang pantay pantay ang lupain, kung iisipin ang gusto ng mga kapatid para sa kanilang sarili kumpara sa kung ano ang patas para kay Bangan?

A. Gusto nilang protektahan ang kanilang kapatid mula sa mabigat na trabaho.

B. Sila ay sakim at mas inisip ang sarili kaysa sa kanilang pamilya.

C. Akala nila ay masyadong maliit ang lupa para sa tatlong tao.

D. Gusto nilang ibigay ang lahat ng palay sa kanilang mga magulang bilang regalo.

2. Paano nakatulong ang panalangin at regalo ni Paddogan kay Kabunian para malutas ang problema ng pamilya, kung iisipin na pinahinto niya ang pag aaway sa pamamagitan ng paghingi ng tulong sa mas mataas na kapangyarihan?

A. Ginawa nitong gutom na gutom ang mga kapatid kaya huminto sila sa pag-aaway.

B. Ginawa nitong gubat ang bukid kaya hindi na sila nakapagsaka.

C. Nagdala ito ng unang ulan at tinulungan ang pamilya na magtuon sa kapayapaan sa halip na pag-aaway.

D. Pinayagan nito si Paddogan na kunin ang lupa mula sa kanyang mga anak.

3. Paano nagkaiba ang ideya ni Bangan sa ideya ng kanyang mga kapatid, kung ihahambing ang gusto ng mga kapatid na makuha ang “lahat” sa gusto ni Bangan na “hatiin nang pantay pantay”?

A. Gusto ni Bangan na gawin ang lahat ng trabaho nang mag-isa.

B. Naniniwala si Bangan na ang pagbabahagi nang pantay-pantay ang tanging patas na paraan para mabuhay.

C. Gusto ni Bangan na lumipat sa ibang baryo.

D. Natatakot si Bangan na hindi na kailanman darating ang ulan.

4. Ayon sa kuwento, bakit nilikha ni Kabunian ang unang panahon ng tag ulan at tag init, kung iisipin kung ano ang nangyari bago pa man magsimulang pumatak ang ulan?

A. Dahil humingi ang mga bata ng paliguan.

B. Dahil masyadong maingay ang hangin at kailangang itong patigilin.

C. Bilang sagot sa panalangin ni Paddogan para sa kapayapaan at paggalang.

D. Para ipakita sa mga kapatid na mas malakas siya kaysa sa kanila.

5. Ano kaya ang mangyayari kung hindi huminto sa pag aaway ang mga anak, kung iisipin ang babala ni Paddogan tungkol sa “malamig at mahanging” panahon at sa mga pananim?

A. Mananatiling malamig ang panahon, at ang mga pananim ay mamamatay.

B. Makakahanap ang pamilya ng bagong paraan para magtanim ng palay kahit walang ulan.

C. Ang mga kapatid na lalaki ang magiging mga hari ng baryo.

D. Ang kapatid na babae ay lilipat sa bundok para manirahan nang mag-isa.

Ang Kuwento ni Annanga

Noong unang panahon, sa isang malayong nayon, may isang binata na nagngangalang Annanga. Siya ay mabait at masipag, ngunit palagi siyang inaapi ng kanyang mga kapatid. Sa kabila ng kanilang pang-aapi, nanatiling matiyaga at mapagpakumbaba si Annanga.

Isang araw, nagpasya siyang pumunta sa bundok upang mangahoy. Habang akmang tatamaan na ng kanyang palakol ang isang puno, bigla siyang nakarinig ng isang mahiwagang boses na nagsabi, “Huwag mo akong putulin at bibigyan kita ng aso. Kapag tinapik mo ang kanyang puwitan, may mahuhulog na pera mula rito.”

Nagulat si Annanga at hindi makapaniwala sa kanyang narinig. Nang lumingon siya, nakita niya ang isang aso na kumakawag-kawag ang buntot sa kanyang tabi. Tinapik niya ang puwitan ng aso at totoo ngang may mga perang nahulog mula rito. Masayang sinabi ni Annanga, “Salamat at ibinigay mo sa akin ito. Hindi na siguro ako aapihin ng aking mga kapatid.” Umuwi si Annanga habang sumusunod ang aso sa kanya.

Sa kanyang pag-uwi, nakasalubong niya ang kanyang kaibigan. “Bakit wala kang kinuhang panggatong?” tanong ng kanyang kaibigan.

“Wala nga pero may aso akong tumatae ng pera,” sagot ni Annanga.

“Kalokohan! May aso bang tumatae ng pera?” sabi ng kanyang kaibigan.

Ipinakita ni Annanga sa kanyang kaibigan kung paano tatae ng pera ang aso. Nagulat ang kanyang kaibigan sa kanyang nakita. “Napakaswerte mo dahil may aso kang pinakamagaling. Tara na at uminom muna tayo sa bahay bago ka umuwi.”

Nalasing si Annanga dahil sa ininom niyang tapey at siya ay nakatulog. Kinuha at pinalitan naman ng kanyang kaibigan ang aso habang tulog si Annanga.

Nang magising si Annanga, kinuha niya ang aso at umuwi. Tuwang-tuwa niyang ipinakita ang kanyang suwerte sa kanyang mga kapatid. Ngunit nang tapikin niya ang puwitan nito, walang nahulog na pera. Pinagtawanan tuloy siya ng kanyang mga kapatid.

Kinabukasan, binalikan ni Annanga ang puno para putulin dahil sinungaling raw ito. Muli, may boses na pumigil sa kanya. Bibigyan daw siya ng isang banga na magluluto ng lahat ng pagkaing gugustuhin ni Annanga. Lumingon si Annanga at nakita niya ang banga.

“Magluto ka ng karne dahil gutom na ako,” sabi ni Annanga bilang pagsubok. Kitang-kita niya ang banga na napuno ng karne. Kinuha niya ang banga at muli ay sinalubong niya ang kanyang kaibigan. Nalasing siya nito at pinalitan ulit ang kanyang banga.

Nang siya ay nakauwi, ipinakita niya sa kanyang mga kapatid ang banga na nanatiling walang laman nang sabihin niyang magluto ito. Nagalit si Annanga kaya kinuha niya ulit ang palakol para putulin ang mapaglinlang na puno.

Pinuntahan ni Annanga ang puno. Puputulin niya sana ulit ito pero pinigilan siya kapalit ng isang patpat na hahampas sa sinumang mangloloko sa kanya tuwing sasabihin niyang “Bombay Bomba.”

Nang pauwi na si Annanga, nakita niyang muli ang kanyang kaibigan. “Grabe naman ang katamaran iyan. Patpat lang ang kinuha mong panggatong?”

“Bombay Bomba,” sambit ni Annanga.

“Aray! Aray!” sigaw ng kaibigan niya habang hinahampas ng patpat. “Pahintuin mo ito, nakikiusap ako. Ibabalik ko sa iyo ang iyong aso at banga.”

Ipinahinto ni Annanga ang patpat na humahampas sa kanyang kaibigan. “Ibalik mo lahat ng ninakaw mo sa akin,” galit na sinabi ni Annanga.

Naibalik kay Annanga ang aso at banga. Ipinakita niya ang mga ibinigay ng puno sa kanya sa kanyang mga kapatid nang makauwi siya. Masayang-masaya ang lahat sa kanilang nasaksihan.

Simula noon, hindi na inaapi ng kanyang mga kapatid si Annanga.

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit gustong ipakita ni Annanga ang mahiwagang aso sa kanyang mga kapatid, kung iisipin kung paano siya tinrato ng kanyang pamilya sa simula ng kuwento?

A. Gusto niyang bumili ng bagong bahay para sa sarili niya.

B. Gusto niyang maging mabait na sa wakas ang kanyang mga kapatid sa kanya.

C. Gusto niyang ipakita sa kanila na siya ay isang mahusay na mangangaso.

D. Gusto niyang ibigay ang lahat ng pera sa kanyang kaibigan.

2. Paano nawala ni Annanga ang kanyang unang dalawang mahiwagang regalo, kung iisipin kung ano ang nangyari nang pumunta siya sa bahay ng kanyang kaibigan?

A. Tumakas ang aso at ang palayok pabalik sa gubat.

B. Hindi niya sinasadyang nabasag ang mga ito pauwi sa bahay.

C. Nilinlang siya ng kanyang kaibigan at ninakaw ang mga ito habang siya ay tulog.

D. Huminto ang mahika dahil masyado nang madilim ang gabi.

3. Bakit mas nakatulong ang mahiwagang stick kaysa sa aso o sa palayok, kung iisipin kung paano nakatulong ang stick para mabawi ni Annanga ang mga ninakaw sa kanya?

A. Mas madaling dalhin ang stick kaysa sa mabigat na palayok.

B. Tinulungan siya ng stick na protektahan ang sarili at pigilan ang magnanakaw.

C. Ang stick ay maaari ring maglabas ng mga gintong barya.

D. Ang stick ay regalo na galing mismo sa kanyang mga kapatid.

4. Binigyan lamang ng puno si Annanga ng mga regalo nang akmang puputulin na niya ito. Ano ang ipinapakita nito, kung iisipin na nagpatuloy si Annanga kahit naging mahirap ang sitwasyon?

A. Ang mga puno ay sadyang takot sa mga tao.

B. Dapat mong laging putulin ang mga puno para makahanap ng mahika.

C. Ang pagiging determinado at hindi pagsuko ay nagbubunga ng gantimpala.

D. Ang mahika ay nangyayari lamang tuwing umaga.

5. Ano kaya ang mangyayari kung hindi ginamit ni Annanga ang mahiwagang stick, kung iisipin kung sino ang may hawak ng aso at palayok bago nagsimulang mamalo ang stick?

A. Itatago ng kanyang kaibigan ang mga ninakaw na kayamanan habambuhay.

B. Ang kanyang mga kapatid ang makakahanap sa mahiwagang puno.

C. Susundan pa rin siya ng aso pauwi kahit ano ang mangyari.

D. Bibigyan siya ng puno ng ibang regalo sa susunod na araw.

Ang Kuwento ng Kidlat at ni Comellab

Noong unang panahon, may isang matapang na lalaki na nagngangalang Comellab na nakipagtalo mismo sa Kidlat. Hindi biro ang ugali ni Kidlat—basta na lang siya tumatama kung saan-saan. Hayop, puno, tao—wala siyang pinipili! Isang araw, napuno na si Comellab.

“Hoy, Kidlat!” sigaw ni Comellab, ang boses niya’y umalingawngaw sa buong lambak. “Bakit ka ba tumatama sa mga inosenteng hayop, tao, at kahit mga puno? Ano bang kasalanan nila sa’yo?”

Malakas ang loob ni Kidlat, kaya’t sagot niya nang buong yabang, “Bakit? Kasi kaya ko. Walang makakapigil sa akin. Kahit ang pinakamalalaking bato, hindi kayang pigilan ang kapangyarihan ko!”

Hindi papatalo si Comellab. Nakapamewang pa siyang tumingin sa langit. “Ganun ba?” sabi niya. “E, pipigilan kita. Sisiguraduhin kong hindi ka na makakapinsala ng hayop o tao. Simula ngayon, sa bundok, bato, at puno ka na lang tatama!”

Natawa si Kidlat, ang tinig niya’y parang malalayong kulog. “Ikaw? Pipigil sa akin? Tingnan natin kung kaya mo!”

Ngunit matalino si Comellab. Nagsimula siyang mag-ipon ng kakaibang bagay—luya, kabibe, sili, at bungo. Sinilaban niya ang mga ito, at ang usok na mula sa apoy ay umakyat nang mataas, diretso sa tahanan ni Kidlat sa kalangitan.

Hindi handa si Kidlat at ang pamilya niya sa sumunod na nangyari. Ang usok ay kumurot sa kanilang mga mata, kumiliti sa kanilang mga ilong, at nagpa-atungal sa kanilang pagbahing. Nangati ang kanilang balat at kumirot ang kanilang tiyan sa tindi ng usok.

Galit na galit si Kidlat kaya’t bumaba siya mula sa langit para harapin si Comellab. Nag-aapoy siya sa galit, at bawat kilos niya’y nagpapakislap ng liwanag sa madilim na ulap. “Comellab!” sigaw niya. “Ano’ng klaseng kalokohan ito? Pinahihirapan mo ang pamilya ko nang sobra-sobra!”

Ngunit hindi natinag si Comellab. “Ngayon alam mo na kung ano ang pakiramdam ng manakit ng iba,” sabi niya nang kalmado. “Itigil mo ang pananakit sa mga inosente, at ititigil ko ang usok.”

Pero mayabang at mapaghiganti si Kidlat. “Ikaw? Tinapangan mo pa ako? Ayos, simula ngayon, wala na akong sasantuhin. Tatamaan ko ang kahit sinong masalubong ko. At tatawagin ko ang kapatid kong si Kulog para mag-ingay nang malakas bago ko pasikatin ang liwanag ko sa langit!”

Kaya simula noon, magkasamang nagtatrabaho sina Kidlat at Kulog, nananakot at bumibighani sa lahat ng nakakakita sa kanilang makapangyarihang palabas. Pero ang sabi ng ilan, hindi raw nakalimutan ni Kidlat ang talino ni Comellab, kaya naman mas madalas pa rin daw siyang tumama sa mga bundok, bato, at puno kaysa sa iba.

xxx

Pagsusulit sa Pagbasa

Mga Tagubilin: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Kopyahin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit nagpasya si Comellab na hamunin si Kidlat, kung iisipin ang sinabi niya sa langit sa simula pa lang ng kuwento?

A. Gusto niyang ipakita sa lahat na siya ang pinakamalakas na lalaki.

B. Gusto niyang protektahan ang kanyang komunidad at ang mga hayop mula sa panganib.

C. Naiinip siya at gusto lang niyang makipaglaro sa mga ulap.

D. Gusto niyang nakawin ang kapangyarihan ni Kidlat para sa sarili niya.

2. Paano nakatulong ang “mabahong usok” ni Comellab para manalo siya sa argumento, kung iisipin kung paano narating ng usok ang pamilya ni Kidlat sa paraang hindi magagawa ng isang sandata?

A. Ginawa nitong madilim ang langit kaya naligaw si Kidlat.

B. Umabot ito sa langit at pinasakit ang pakiramdam at pinangati ang pamilya ni Kidlat.

C. Naging isang higanteng hagdan ang usok para makaakyat si Comellab sa langit.

D. Napakabango ng usok kaya bumaba si Kidlat para kumain.

3. Sa dulo ng kuwento, paano inayos ng dalawang tauhan ang kanilang pag aaway, kung iisipin ang bagong tuntunin na ginawa ni Kidlat tungkol sa kanyang kapatid na si Kulog?

A. Nangako si Kidlat na hindi na kailanman tatama sa mundo.

B. Lumipat si Comellab sa langit para tumira kasama ang pamilya ni Kidlat.

C. Sumang-ayon si Kidlat na magbibigay ng babala at mas tatama na lang sa mga bato at puno.

D. Nagpasya silang huwag na kailanman mag-usap muli.

4. Bakit mahalaga na gumagawa si Kulog ng “dumadagundong na ingay” bago kumidlat, kung iisipin kung paano nakatutulong ang malakas na ingay sa mga taong nasa labas tuwing may bagyo?

A. Sinasabi nito sa mga tao na oras na para magluto.

B. Nagsisilbi itong babala para makahanap ang mga tao ng ligtas na lugar na mapagtataguan.

C. Ipinapakita nito na mas galit si Kulog kaysa kay Kidlat.

D. Ito ay hudyat para magsimulang bumuhos ang ulan.

5. Ano kaya ang mangyayari kung hindi hinarap ni Comellab si Kidlat?

Pahiwatig: Isipin ang ugali ni Kidlat bago ginamit ni Comellab ang usok.

A. Magiging mabait at tahimik na espiritu rin si Kidlat kalaunan.

B. Maaaring nagpatuloy si Kidlat sa pagtama sa mga tao at hayop nang walang babala.

C. Makakahanap ang mga tao ng paraan para mabuhay nang walang liwanag.

D. Makakahanap si Kulog ng ibang kapatid na makakasama sa paglalaro.

ANSWER KEY

The Seasons of the Year and Paddogan

1. **B** (Skill: Character Motivation)
2. **C** (Skill: Evaluating Decisions)
3. **B** (Skill: Comparing Perspectives)
4. **C** (Skill: Cause and Effect)
5. **A** (Skill: Alternative Outcomes)

Ampat-o and the Golden Earrings

1. **B** (Skill: Character Motivation)
2. **C** (Skill: Cause and Effect)
3. **B** (Skill: Comparing Perspectives/Tradition)
4. **C** (Skill: Symbolism/Setting)
5. **A** (Skill: Alternative Outcomes)

Legawdan and Bagsangi: The First Settlers of Agawa

1. **B** (Skill: Identifying Details)
2. **B** Skill: Sequencing of Events)
3. **C** (Skill: Inferring Context)
4. **A** (Skill: Cause and Effect)
5. **C** (Skill: Identifying Theme/Moral)

Liwan, the Son of Lumawigan

1. **B** (Skill: Character Motivation/Analysis)
2. **A** (Skill: Inferring Lifestyle/Context)
3. **C** (Skill: Identifying Change Over Time)
4. **B** (Skill: Predicting Alternative Outcomes)
5. **B** (Skill: Identifying Theme/Moral)

Malot's Wrath: A Battle Against the Storm

1. **B** (Cause and Effect: Fear/superstition leading to anger)
2. **A** (Comparing Perspectives: Control vs. Respect)
3. **B** (Character Analysis/Symbolism: Desire for dominance)
4. **B** (Predicting Outcomes: Consequences of disrespect)
5. **C** (Theme/Application: Living in harmony with nature)

The Adventures of Palpal-ama and Palpal-iking

1. **A** (Character Motivation/Traits)
2. **C** (Evaluating Decisions/Appearances vs. Reality)
3. **A** (Comparing Outcomes/Values)
4. **C** (Interpreting Symbolism/Nature)
5. **C** (Alternative Perspective/Character Influence)

The Legend of the Mother and Baby Lakes

1. **B** (Character Motivation/Values)
2. **C** (Evaluating Decisions/Consequences)
3. **A** (Interpreting Symbolism/Character Test)
4. **B** (Cause and Effect/Theme)
5. **B** (Alternative Outcomes/Moral Application)

The Origin of the Rainbow

1. **B** (Skill: Character Motivation)
2. **C** (Skill: Cause and Effect)
3. **A** (Skill: Comparing Perspectives)
4. **C** (Skill: Symbolism)
5. **B** (Skill: Alternative Outcomes)

The Story of Annanga

1. **B** (Skill: Character Motivation)
2. **C** (Skill: Evaluating Decisions/Consequences)
3. **B** (Skill: Comparing Outcomes)
4. **C** (Skill: Symbolism/Persistence)
5. **A** (Skill: Alternative Outcomes)

The Tale of Lightning and Comellab

1. **B** (Skill: Character Motivation)
2. **B** (Skill: Evaluating Decisions/Cleverness)
3. **C** (Skill: Comparing Perspectives/Compromise)
4. **B** (Skill: Cause and Effect/Natural Warning)
5. **B** (Skill: Alternative Outcomes/Theme)

About the Publisher

Established in 2017, Partners for Indigenous Knowledge Philippines (PIKP) is a learning network based in Baguio City, Philippines with the aim to promote and strengthen indigenous knowledge. The network reaches out to organizations, indigenous knowledge holders, academe, researchers, writers, artists, advocates, and communities doing documentation, research, transmission, exchange, and development of indigenous knowledge.

PIKP's activities span across the following key themes: indigenous food systems and traditional livelihoods; health and well-being; youth leadership; indigenous voices in arts and literature; community-based biodiversity and cultural monitoring; sustainable development; communications, education, and public awareness; and local, national and international engagement and policy advocacy.

In 2020, PIKP was recognized as a Philippine Heritage Awardee for its valuable contribution to preserving local history and culture and empowering the community to document their intangible heritage in response to the need for relevant Indigenous Peoples Education.

PARTNERS FOR INDIGENOUS KNOWLEDGE PHILIPPINES

Transformative Pathways

Supported by:

Federal Ministry
for the Environment, Nature Conservation,
Nuclear Safety and Consumer Protection

based on a decision of
the German Bundestag

IKI INTERNATIONAL CLIMATE INITIATIVE



Ancestral Domain Participatory Land-use Mapping in 2025



Umudong Youth Camp: Bridging Stories, Carrying Wisdom in May 2026

PIKP is a project partner of the Transformative Pathways project funded by the International Climate Initiative (IKI). Through Indigenous-led initiatives, the project aims to strengthen biological and cultural diversity, and contribute to greater recognition of the rights of Indigenous peoples to lands, territories, and resources.

Various activities on the revitalization of food systems, biodiversity, and indigenous knowledge were conducted by PIKP together with Payew Indigenous Farmers' Organization (PIFO), indigenous peoples' mandatory representatives (IPMRs) of Besao, St. James High School of Mountain Province, Inc., and Besao Central School.


PARTNERS FOR INDIGENOUS
KNOWLEDGE PHILIPPINES
KEEPING INDIGENOUS WISDOM ALIVE
Transformative
Pathways